# 大阪府子ども・大学生等への食費支援事業

## Gabay sa pag-aplika ng mga Bata sa Osaka-fu ・ mga Studyante tulong sa gastusin sa pagkain

Dahil sa matagal na panahon na patuloy sa pagtaas ng mga bilihin, upang suportahan ang mga pamilyang may mga anak at mga kabataang labis na naaapektuhan nito. Ang Prepektura ng Osaka ay nagbibigay ng Ayuda sa pamamagitan ng bigas o iba pang pagkain para sa , mga batang 18 taong gulang pababa, at ang mga 19 hanggang 22 taong gulang na estudyante na nasa unibersidad. Bukod pa rito, maliban sa suporta ng Osaka Prefecture ang mga residente ng Sakai City, Izumisano City, Kadoma City ay maaaring makatanggap ng karagdagan tulong mula sa kanilang lunsod.

◆ **Panahon ng aplikasyon** **Marso 26, 2026, Huwebes alas 9:00 ng umaga hanggang Hunyo 25, 2026, Huwebes alas 11:59 ng gabi**

※Kung mag-aaplay sa pamamagitan ng koreo, dapat may selyo ng koreo ang aplikasyon bago mag- Hunyo 25 sa deadline.

◆ **Huling araw para humiling ng uri ng suporta pagkatapos maipasa ang aplikasyon at panahon ng bisa ng "Rice PAY Osaka (kupon ng bigas)":**

**Hanggang Setyembre 25, 2026 ng Biyernes** ※Kung hindi ka mag-hihiling ng bago sa naka-takdang petsa, ituturing naming iniurong mo ang iyong

### Mga uri ng suporta sa pagkain

A. "Rice PAY Osaka (kupon ng bigas)" o B. Ibang pagkain (Pumili ng pagkain mula sa homepage.)

※Lahat ay katumbas ng humigit-kumulang ¥10,000 kasama na ang pagpapadala, tax included. ※Ang maaaring bilhin gamit ang Osaka Rice Pay（rice coupon）ay limitado lamang ito ay ang putting bigas, brown rice, germinated rice,hindi kasama ang mga halo o processed rice products at iba pa.

Tingnan ang nakatala sa website para sa mga detalye tungkol sa suporta ng Sakai City, Izumisano City at Lungsod ng Kadoma City.

### Sino ang karapat-dapat sa programa

**Sa petsa ng aplikasyon, ang mga taong nakatira sa Lalawigan ng Osaka prefecture o * mga itinuturing na katumbas at nakakatugon sa isa sa mga sumusunod na kondisyon.**

※Mga indibidwal na may edad 22 pababa na nakatira sa kanilang tahanan sa loob ng Osaka Prefecture sa loob ng isang tiyak na panahon (karaniwang mga isang buwan at kalahati bawat taon), kasama ang mga katapusan ng linggo, bakasyon sa pagtatapos ng taon/Bagong Taon, bakasyon sa tag-init, at iba pang pinalawig na pahinga.

**Tingnan ang nakalaang website para sa mga detalye tungkol sa suporta ng Sakai City, IzumisanoCity, at Kadoma City.**

| | ①Mga batang may edad 22 pababa, mga estudyante sa unibersidad, atbp. | | ②Sa mga nagdadalang-tao |
|---|---|---|---|
| Sino ang karapat-dapat sa programa | Ang mga ipinanganak noong Abril 2, 2008.<br>※Mula sa petsang ito at mga sumusunod pang-petsa ng kapangannakan | Yaong ang petsa ng kapanganakan ay mula Abril 2, 2003 hanggang Abril 1, 2008. | Ang mga buntis sa petsa ng kanilang pagdadalang-tao.<br>Kinakailangan ang dokumentasyon na nagpapatunay na ikaw ay buntis. (hal., Maternal and Child Health Handbook) |
| Ang puwedeng mag-aplay | Sa pangkalahatan, ang magulang o guardian ※ang magsasagawa ng aplijasyon sa bata<br>※Kasama sa tagapag-alaga/guardian: ang taong may kustodiya ng magulang, isang itinalagang tagapag-alaga ng menor de edad, o anumang ibang matanda na nag-aalaga sa bata. | Sa pangkalahatan mismo ang estudyante ang umatanggap ng benepisyp ang maaring mag-apply. | Ang nagdadalang taong mismo dapat ang mag-aaplay |

### Proseso ng aplikasyon

①Basahin muna ang nilalaman ng detalye sa nakalaang website sa ibaba bago mag-apply.
(Hanggang Hunyo 25, 2026) https://www.osaka-kodomoshien.com

②Ang iyong isinumiteng aplikasyon ay susuriin ng Osaka Prefecture.

③Ang resulta ng pagsusuri ay ipapadala sa email address na iyong ibinigay.

④Ang mga benepisyaryo na pumasa sa aplikasyon ay ipapaalam kung paano kunin ang kanilang suporta sa pagkain.Sundin lamang ang tagubilin.

(Magagamit hanggang Biyernes, Setyembre 25, 2026※) ※**『Ang (kupon para sa bigas）』ay mag-e-expire din sa Setyembre 25, 2026.**

⑤**[Para sa mga pumili ng "A" mula sa pahina ng pagpili ng pagkain]** Makakatanggap ka ng email na naglalaman ng (20-digit) na charge code. I-charge ang "Rice PAY Osaka (rice coupon)" sa region PAY app at ipagpalit ito para sa bigas sa mga kwalipikadong tindahan.

**[Para sa mga pumili ng "B" mula sa pahina ng pagpili ng pagkain]** Ipapadala ang mga napili mong item.

### Dokumentong Pagpapatunay sa Aplikante

**【Sa pag-aaply, kinakailangan magbigay ang aplikante ng dokumentong basihan sa pagkakakilanlan.】**

Ang ID o dokumento para sa beripikasyon ng pagkakakilanlan ay mga dokumentong inilabas ng pampublikong institusyon na nakasaad ang iyong pangalan, tirahan, at petsa ng kapanganakan.

(Halimbawa) My Number Card (harap lamang), Driver License, at iba pa. Mangyaring tingnan ang nakalaang website para sa mga detalye.

※Bilang karagdagan bukod pa sa ID, ang mga foster parent ay kailangan magbigay ng sertipiko na nagpapatunay na foster care ka ng bata, at sa mga nagdadalang-tao ay kailangan din ipakita ang kanilang maternal and child health handbook.

### Mga Paalala na dapat tandaan kapag mag-aaply

- Ang mga aplikasyon ay dapat isumite sa pamamagitan ng internet.
- Isang beses lamang maaaring mag-apply ang bawat kwalipikadong tao.
- Ayon sa ② Kung ang Buntis ay naaprubahan na at nakatanggap na ng ayuda, ang ipinanganak na bata ay hindi na kasama sa programa na mabibigyan
- **Ang nasabing ayuda ay karaniwang ipinapadala sa address na naka-rehistro** ng taong kwalipikadong tumanggap nito.
- Kung hindi nakapag-apply para sa mga binibigay na item bago ang itinakdang deadline, ito ay ituturing na pagtanggi sa benepisyo o ayuda.
- Kung ang mga ibibigay na ayuda ay napag-desisyunan na at natuklasan na hindi natugunan, kakaselahin ang benepisyo.

**Para sa mga katanungan tungkol sa programang ito**

**Call Center ng Programa ng Suporta sa Gastos sa Pagkain para sa mga Bata at mga Estudyante sa Unibersidad sa Osaka Prefecture**

TEL:0120-479-208

※Kung hindi ka makapag-apply online, mangyaring makipag-ugnayan sa call center.

【Oras ng Pagtawag】9:00 ng umaga - 6:00 ng gabi (Weekdays lamang ) <Sabado,Linggo,Holiday,Opisyal Day ay Sarado> sa panahon ng aplikasyon >

**Ang programang ito ay sinusuportahan ng Pansamantalang Benepisyo ng Rehiyonal na Pagpapasigla at Pagpapagaan na Nakatuon sa Pagtaas ng Presyo.**